# Mga Kasama sa Isla



**Mga Letra: a, b, e, i, k, l, m, o, s, t, u**

Isinulat ni Maricar E. Altamarino
Iginuhit ni Jose Boniver R. Bongot
Sinuri nina Marife S. Maderazo, Marimyn Olga C. Magistrado, Cristina B. Leaño, Wilma M. Ojeda, at Nelia A. Urban



Ito si Ema. Sikat ang mga kasama sa isla.



Kasama si Kobe, ang aso.
Malaki ang laso sa ulo.



Kasama si Kiko, ang baka.
Masiba si Kiko at mataba.



Kasama si Lili, ang bibe.
Maitim ang labi at malakas tumili.



Kasama si Memo, ang biik.
Maliit at malabo ang mga mata.



Balisa si Ema, makulimlim sa isla.
May kubo, tatakbo sila!

## Mga Tanong at Gawain

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?

2. Nasaan si Ema at mga kasama niya?

3. Sino-sino ang kasama niya sa isla? Ilarawan ang bawat isa.

4. May alaga ka rin bang hayop? Ilarawan ito.

5. Paano mo ipinakikita na mahal mo ang alaga mong hayop?

6. Iguhit ang paborito mong alaga.